SUMMATIVE TEST 1

| Mga Layunin | CODE | Bahagdan | Bilang ng Aytem | Kinalalagyan n Bilang |
|---|---|---|---|---|
| makagagamit ng mga pang-abay sa paglalarawan ng kilos na tinatawag nating pang-abay na pamaraan | **(F4WG-IIIa-C -6)** | **25%** | **5** | **1-5** |
| makagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng palatandaang nagbibigay ng –kahulugan – sitwasyong pinaggamitan | **(F4PS-IIIa-1.8 )** | **25%** | **5** | **6-10** |
| magagamit nang wasto ang pang-angkop na na, -ng, at -g sa pangungusap | **(F4PS-IIIa-1.9)** | **25%** | **5** | **11-15** |
| Nakapagbibigay ng mahahalagang detalye mula sa binasang editoryal, | **(F4PS-IIIa-2)** | **25%** | **5** | **16-20** |
| **Kabuuan** | | **100** | **20** | **1 – 20** |

**GRADE IV – FILIPINO**

**SKAI KRU**

**SUMMATIVE TEST NO.1**

**GRADE IV – FILIPINO**

**SKAI KRU**

Pangalan:__________________________________________________ Grade and Section:_________

I. A. Basahin ang bawat pangungusap at salungguhitan ang mga pang-abay.

1. Si Lito ay maagang gumising.
2. Siya ay naligo at nagbihis nang maayos.
3. Mabilis siyang kumain ng kanyang almusal.
4. Nagmamadali siya sa paglakad dahil baka mahuli siya sa klase.
5. Palagi siyang nangunguna sa klase dahil masipag siyang mag-aral.

B. Bilugan ang pang-abay na pamaraan na ginamit sa panguungusap.

6. Lubhang napagod sina Kara at Mia sa kanilang pamamasyal.
7. Dahan-dahang naglakad si Mark sa harapan ng mga guro.
8. Lubos na pinasalamatan ni Gng. Hilado ang kanyang mga kaibigan na bumati sa kanyang kaarawan.
9. Magalang na sumasagot si Bb. Rosa sa katanungan ng mga hurado sa patimpalak.
10. Sobrang – ingat na inilapag sa mesa ni Michaella ang plorera.

C. Palitan ng tamang pang-angkop ang salitang sinalungguhitan. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

_________ 11. Ang mag-aaral <u>ng</u> masipag ay makakamit ang pangarap.

__________12. Gusto ko <u>na</u> matibay na payong sa darating na tag ulan.

__________13. Dahan-dahan <u>ng</u> lumabas ang mga matatanda.

__________14.Nahulog ang bata sa mataas <u>ng</u> kahoy.

__________15. Ang sampu<u>g</u> mag-aaral ay nakapasa sa pagsusulit.

II. Basahin ang editoryal at punan ng mahahalagang detalye ang talaan sa ibaba.

**Huwag Magpapaluko**

Iwasan ang mga panghihikayat na mamuhunan ng malaking pera at pangakong maibabalik ang mga ito nang doble o triple pa makalipas lamang ang ilang araw o buwan. Ang panlulukong ito ay dapat matigil dahil ninanakaw nito ang ipon, ari-arian at pati na ang kinabukasan ng buong pamilya. Ang *Securities and Exchange Commission o SEC* ay nagpapaalala sa lahat na huwag magpapaluko sa ganitong modus. Inaabuso lamang nito ang sinumang naghahanap ng magandang kapalaran at malaking pera sa pamamagitan lamang ng pinakamadaling paraan. Dito sa Lungsod ng Valencia, marami ang nahikayat na mamuhunan sa ganitong panluluko dahil na rin sa kahirapan, kakulangan sa sapat na kaalaman at panghihikayat ng mga kaibigan at kakilala. Ang taong biktima nito ay maaring mawalan ng kompyansa sa sarili, mainitin ang ulo at palaging nag-iisip kung papaano maibabalik ang nawalang pera. Maari ring mawalan siya ng tiwala sa ibang tao dahil sa takot na baka maulit muli sa kanya ang ganitong panluluko. Kung titingnang mabuti, ang mga totoong biktima dito ay ating kabataan. Silaang magtitiis sa kahirapan at kakulangan ng sapat na pantustos sa mga pangangailangan dahil nawalan ng malaking pera ang kanyang pamilya. Kaya mag-ingat nang mabuti at huwag magpapaluko. Kailangan nating maintindihan na ang paghahangad ng maginhawang buhay ay pinaglalaanan ng sapat na oras, panahon at kakayanan. Ang pagiging gahaman din sa sobrang luho at pera ay walang magandang naidudulot sa kapwa at sa ating sarili.

**Isulat dito ang iyong mga sagot o pangungusap.**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng editoryal** | |
| **Panig, katayuan o posisyon** | |
| **Unang detalye** | |
| **Pangalawang detalye** | |
| **Pangatlong detalye** | |
| **Pang-apat na detalye** | |
| **Binigay na payo o mungkahi** | |

***ANSWER KEY:***

***I.***

1. MAAGANG
2. MAAYOS
3. MABILIS
4. NAGMAMADALI
5. PALAGI
6. LUBHANG
7. DAHAN-DAHANG
8. LUBOS
9. MAGALANG
10. SOBRANG-INGAT
11. NA
12. NG
13. -G
14. NA
15. NG

***II***

| | |
|---|---|
| Pamagat ng Editoryal | Huwag Magpapaluko |
| Panig, katayuan o posisyon | Iwasan ang mga panghihikayat na mamuhunan ng malaking pera at pangakong maibabalik ang mga ito makalipas lamang ng ilang araw o buwan. |
| Unang detalye | Ninanakaw nito ang ipon, ari-arian at kinabukasan ng buong pamilya. |
| Pangalawang detalye | Inaabuso nito ang sinumang naghahanap ng magandang kapalaran at malaking pera sa pamamagitan lamang ng pinakamadaling paraan. |
| Pangatlong detalye | Ang taong biktima nito maaaring mawalan ng kompyansa sa sarili, mainitin ang ulo at palaging nag-iisip kung papaano maibabalik ang nawalang pera. |
| Pang-apat na detalye | Ang biktima ay maaaring mawalan ng tiwala sa sarili at sa ibang tao. |
| Binigay na payo o mungkahi | Mag-ingat nang mabuti at huwag magpapaluko. |